ANO ANG DAPAT MONG HANAPIN?

What Should You Look For?

Ang deliryo ay maaaring iba-iba ang itsura, depende sa tao. Ang ilang mga bagay na maaaring mong mapansin ay:

Pagkalito

Hindi makapaglaan ng atensyon o hindi makasunod sa mga direksyon

Nahihirapang makaintindi sa kung ano ang nangyayari sa paligid niya

Naiiba ang pagkilos, tulad ng:

- Hinihipo ang mga kasuotan, mga line, o mga tube
- May nakikita o naririnig na wala naman doon
- Umaarte
- Natatakot na masaktan sila
- Pagiging hindi karaniwang tahimik
- May mga pagbabago sa karaniwang pagtulog
- Mukhang ninenerbiyos o mukhang malungkot

ANO ANG GAGAWIN NG CARE TEAM TUNGKOL SA DELIRYO?

What Will The Care Team Do About Delirium?

Magtanong-tanong sa iyong minamahal sa buhay buong araw upang malaman kung siya'y nagdedeliryo

Itsek ang mga gamot ng iyong minamahal sa buhay bawat araw

Tulungan ang iyong minamahal sa buhay na mag-exercise oras na ito'y ligtas gawin

Ang deliryo ay maaaring dulot ng iba't-ibang mga bagay. Tanungin ang care team kung paano nila pinamamahalaan ang delirium.

PAANO NITO MAAARING MAAPEKTOHAN ANG IYONG MINAMAHAL SA BUHAY PAGKALABAS NIYA SA OSPITAL?

How Might This Impact Your Loved One After Hospitalization?

Ang mga epekto ng deliryo ay maaaring magtagal at mahirap sabihin kung ano ang mga ito. Mangyaring humingi ng karagdagang impormasyon mula sa iyong care team.

Saan makakakuha ng karagdagang impormasyon.
Want more information?
Visit www.hospitaldeliriumbc.ca

PAANO KA MAKAKATULONG? HOW CAN YOU HELP?

KAUSAPIN...
SPEAK...
ang iyong care team kung may napansing pagkakaiba sa iyong minamahal sa buhay. Paano siya karaniwang kumikilos? Ano ang kanyang karaniwang pagtulog? Ipaalam sa care team kung ang iyong minamahal sa buhay ay may mas gustong palayaw.

IPAALALA...
REMIND...
sa iyong minamahal sa buhay kung ano ang araw, petsa, at kung nasaan siya. Kung siya'y nalilito o may nakikitang mga bagay na wala roon, huwag makipagtalo sa kanya.

IBIGAY SA KANYA ANG...
PROVIDE...
kanyang salamin, hearing aid, at pustiso. Makakatulong ito sa iyong minamahal sa buhay na makipagkomunika at makihalubilo sa kanyang paligid.

MAGDALA SA OSPITAL...
BRING...
ng mga retrato ng pamilya at mga personal na kagamitan. Ang mga pamilyar na bagay ay maaaring magbigay ng kaginhawahan at makatulong sa iyong minamahal sa buhay na maalala ang kanyang buhay sa labas ng ospital.

PAG-USAPAN NINYO...
TALK...
ang pamilya, mga kaibigan, at mga pamilyar na paksa. Kung hindi ka sigurado kung ano ang dapat pag-usapan, basahin sa kanya ang kanyang paboritong libro o dyaryo. Ito'y makatutulong sa iyong minamahal sa buhay na manatiling involved at konektado sa buhay.

TULUNGAN...
HELP...
ang iyong minamahal sa buhay na manatiling aktibo. Tanungin ang care team kung paano ka makakatulong na panatilihing aktibo ang iyong minamahal sa buhay habang siya'y nasa ICU – ito'y makakatulong na maiwasan ang pagdedeliryo.

Ikaw mismo ang pinaka-nakakikilala sa iyong minamahal sa buhay! Kung may napapansin kang anumang hindi karaniwan, o kung mayroon kang ibang mga ideya, mangyaring kausapin ang iyong care team.

ANO ANG DELIRYO?

What Is Delirium?

Kapag ang isang tao'y nagdedeliryo, malabo ang kanyang pag-iisip at nahihirapan siyang magbigay ng atensyon o mag-focus.

Ang bawat 2 sa 3 pasyente sa ICU ay nagdidebelop ng deliryo*

Maraming iba't-ibang mga dahilan para sa deliryo. Ang ilang mga halimbawa nito ay:

- Mga impeksyon
- Dehydration
- Mga epekto ng ilang gamot
- Malubhang sakit / pinsala
- Hindi mapamahalaang kirot

Ang deliryo ay naiiba sa dementia:

Deliryo	Dementia
Nagdidebelop makalipas ang ilang oras o araw	Nagdidebelop makalipas ang ilang buwan o taon
Karaniwang nawawala habang bumubuti ang pasyente	Ito'y isang permanenteng kondisyon
Ito'y maaaring magbago bawat araw	Ito'y nagiging mas malubha sa katagalan ng panahon

*Cavallazzi, R., Saad, M., & Marik, P. E. (2012). Delirium in the ICU: an overview. Annals of Intensive Care, 2, 49. http://doi.org/10.1186/2110-5820-2-49

SAAN MAKAKAKUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON.

Where to learn more:

Humingi ng karagdagang impormasyon mula sa iyong care team, o bisitahin ang: www.hospitaldeliriumbc.ca

BC PATIENT SAFETY & QUALITY COUNCIL

Working Together. Accelerating Improvement.

NALILITO BA ANG IYONG MINAMAHAL SA BUHAY?

IS YOUR LOVED ONE CONFUSED?

Ito'y maaaring isang karaniwang kondisyon na tinatawag na DELIRYO O DELIRIUM.

This could be a common condition called DELIRIUM.